Beauty in Strength

# Isang Matapang na Ina

## WARM-UP

- Ikuwento ang isa sa mga hinahangaan mo tungkol sa iyong ina.
- Ano ang mga pangarap ng iyong ina para sa iyo? Maaari ka bang magkuwento tungkol sa mga ito?
- May panahon ba na kinailangan mong magpakatapang upang manindigan laban sa isang pagkakamali? Ikuwento ang nangyari.

## WORD

*Dahil sa pananampalataya, hindi natakot sumuway ang mga magulang ni Moises sa utos ng hari. Sapagkat nang makita nilang maganda ang sanggol, itinago nila ito sa loob ng tatlong buwan.* **MGA HEBREO 11:23**

(Basahin din ang **EXODUS 2:1–10.**)

Ang pagharap sa mahirap na mga sitwasyon nang may pananampalataya ay nangangailangan ng tapang at lakas. Subalit habang nagtitiwala tayo sa Diyos at sa Kanyang mga ipinangako, makikita natin na kaya Niyang kumilos at baguhin ang ating mga sitwasyon. Ngayon, titingnan natin kung paano nagtiwala at nanalig sa Panginoon si Jochebed, ang ina ni Moses, at kung paano tumugon ang Diyos upang parangalan ang kanyang pananampalataya nang puno ng biyaya at kalinga.

## 1 Sa gitna ng ating mga paghihirap, maaari tayong kumilos ayon sa ating pananampalataya at maging matapang.

*[2]Hindi nagtagal, nagbuntis ang babae at nanganak ng isang lalaki. Nang makita niyang malusog ang sanggol, itinago niya ito sa loob ng tatlong buwan. [3]Pero nang hindi na niya maitago ang sanggol, kumuha siya ng basket na gawa sa halaman na papyrus at pinahiran ng alkitran. Pagkatapos, inilagay niya ang sanggol sa basket at pinalutang sa tubig sa tabi ng matataas na damo sa pampang ng Ilog ng Nilo.* **EXODUS 2:2,3**

Noong ipinanganak si Moises, mayroong kautusan na ihagis ang lahat ng mga batang lalaking Hebreo sa ilog ng Nilo dahil natakot sa mga Hebreo ang Faraon ng Egipto (Exodus 1:22). Subalit sa halip na magpadala sa takot, nagpakatapang si Jochebed upang protektahan si Moises. Dahil alam niya na sila ang mamamayan na pinili ng Diyos, nagtiwala siya sa Diyos at kumilos ayon sa kanyang pananampalataya. Buo ang pananampalataya, naniwala siyang si Moises ay hindi pangkaraniwang bata at iingatan ito ng Panginoon upang tuparin ang Kanyang layunin (Mga Gawa 7:20). Nakaranas ka na ba ng tila isang imposibleng sitwasyon gaya ng kinaharap ni Jochebed? Paano nakatulong ang pananampalataya mo sa Diyos upang mapagtagumpayan ang takot at harapin ng buong tapang ang iyong sitwasyon?

## 2 Kung magtitiwala tayo sa Diyos, kikilos siya at gagantimpalaan ang ating pananampalataya.

*[5]Ngayon, lumusong ang anak na babae ng Faraon sa Ilog ng Nilo para maligo. Habang naliligo ang prinsesa, ang mga utusang babae naman niya ay naglalakad-lakad sa pampang. Nakita ng prinsesa ang basket sa matataas na damo kaya ipinakuha niya ito sa isa sa kanyang mga utusan. [6]Binuksan niya ang basket at nakita ang umiiyak na sanggol, kaya naawa siya rito. Sinabi niya, "Isa ito sa mga sanggol ng mga Hebreo."* **EXODUS 2:5,6**

(Basahin din ang **EXODUS 2:7–10.**)

Si Moises ay ipinanganak sa panahon nang matinding paghihirap (Exodus 1:10–14). Subalit sa kabila ng kagustuhan ng Faraon na wasakin ang lahi ng mga Hebreo, kasama ang kanilang mga bagong panganak na anak, ang Diyos ay may ibang plano. Ang ginawa ni Jochebed nang may pananampalataya at tapang ay ginantimpalaan ng Diyos nang biyaya at pagkalinga. Ginamit Niya ang anak mismo ng Faraon upang iligtas si Moises. Bagama't alam niya na ang bata ay isang Hebreo, naawa siya rito at hiningi pa ang tulong ni Jochebed upang palakihin ang sarili niyang anak (Exodus 2:9). Hindi lamang nailigtas si Moises sa kamatayan, kundi siya rin ay naibalik sa tunay niyang ina. Isa itong malinaw na halimbawa kung paano kumikilos ang Diyos kung tayo ay mananampalataya sa Kanya. Paano kumilos ang Diyos sa iyong buhay at pinarangalan ang iyong pananampalataya? Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Efeso 3:20 tungkol sa kung paano sinasagot ng Diyos ang ating mga panalangin?

## APPLICATION

- May pangako bang ibinigay sa iyo ang Diyos na tila walang pag-asang matupad? Ano ang maaari mong gawin upang palakasin ang iyong pananampalataya habang hinihintay mong makita ang katuparan ng Kanyang ipinangako?
- Paano mo mahihikayat ang iba na umasa at manalig sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin nang may pananampalataya upang matulungan ang mga may kinakaharap na mahirap na sitwasyon?
- Ano ang maaari mong gawin upang maipakita ang iyong pagmamahal sa iyong ina? Parangalan siya ngayong araw na ito.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa ina na nagsilang sa iyo sa mundo at tumulong sa iyo na maging kung sino ka ngayon, kahit pa hindi ito naging madali. Pasalamatan Siya sa pagkilos Niya sa buhay mo, at humingi ka sa Kanya ng mga pagkakataon upang maibahagi mo ang kabutihan Niya sa iba.
- Anuman ang mga pagsubok na haharapin mo, ipanalangin na patuloy kang aasa sa Diyos at sa Kanyang mga pangako. Hingin sa Kanya ang kakayahan na maniwala sa layunin Niya sa buhay mo at sa mga tao sa iyong paligid.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng tapang at mga pagkakataon upang matulungan ang iba na dumaraan din sa isang mahirap na sitwasyon.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph